


Official Program

•

# Rizal Day Celebration

Quezon City

December 30, 1947



Dr. Jose P. Rizal  
Patriot and Martyr

•  
(This serves as invitation)

# COMMITTEES

I.—HONORARY CHAIRMAN . . . . . *Hon. P. A. Bernardo*

## II.—EXECUTIVE COMMITTEE

1.	Hon. Leon C. Malubay . . . . .	<i>Chairman</i>
2.	Hon. M. C. Defensor . . . . .	<i>Member</i>
3.	Hon. Gregorio Roxas . . . . .	"
4.	Hon. Hipolito Lopez . . . . .	"
5.	Mr. C. Hernandez . . . . .	"
6.	Mr. Pet. I. Vallejo . . . . .	"
7.	Maj. Crisanto V. Alba . . . . .	"
8.	Fiscal C. Muñoz Palma . . . . .	"
9.	Mr. Pedro G. Afable . . . . .	"

## III.—FINANCE COMMITTEE

1.	Mr. C. Hernandez . . . . .	<i>Chairman</i>
2.	Mrs. Filomena Cosio . . . . .	<i>Member</i>
3.	Mrs. Oscar Castelo . . . . .	"
4.	Mrs. Edith Marcelo . . . . .	"
5.	Mrs. I. Marquez . . . . .	"

## IV.—COMMITTEE ON INVITATION AND PROGRAM

1.	Mr. Pet. I. Vallejo . . . . .	<i>Chairman</i>
2.	Mr. Leon C. Malubay . . . . .	<i>Member</i>
3.	Mr. Gregorio Roxas . . . . .	"
4.	Hipolito Lopez . . . . .	"
5.	Mr. C. Hernandez . . . . .	"

## V.—COMMITTEE ON STAGE

1.	Mr. Pedro G. Afable . . . . .	<i>Chairman</i>
2.	Dr. P. G. Monsod . . . . .	<i>Member</i>
3.	Mr. Servillano Dunglao . . . . .	"
4.	Mr. F. A. Quintos . . . . .	"
5.	Mr. Pantaleon Tabora . . . . .	"

# PROGRAM

December 30, 1947

\* \* \*

## MORNING

6:30—Floral offerings at the Rizal Monument, Luneta Manila, by Beauties of Quezon City and City Officials headed by Hon. P. A. Bernardo, City Mayor.

7:00—Requiem mass in all churches and chapels in Quezon City.

8:00—Residents, City Officials, and employees will hear requiem mass at Christ the King Chapel (España Extension).

•

## AFTERNOON

4:00—Necrological Services at the New City Hall Building, Cubao:

1. Overture . . . . . *Military Band, A.F.P.*
2. "Ang Huling Paalam" . . . . . *Miss Lydia Collantes*
3. Speech . . . . . . . . . *Hon. P. A. Bernardo,  
City Mayor*
4. Address, Guest Speaker . . . . . *Hon. Pio Pedrosa,  
Commissioner of the Budget*
5. "Nearer My God To Thee" . . *Military Band, A.F.P.*
6. Taps . . . . . . . . . *Boy Scouts of Quezon City*
7. Salvo . . . . . . . . . *A squad of Quezon City Policemen*

•

NOTE:—The residents and all officials, employees and laborers of Quezon City are requested to wear a black ribbon. In government Buildings the Filipino flags shall be displayed at half-mast. Residents are requested to display it at their front windows.

# Huling Paalam

—o—

Paalam na, sintang lupang tinubuan,  
bayang masagana sa init ng araw,  
Edeng maligayang sa ami'y pumanaw  
at perlas ng dagat sa dakong Silangan

Inihahandog ko ng ganap na tuwa  
sa iyo yaring buhay na lanta na't aba;  
naging dakila ma'y iaalay rin nga  
kung dahil sa iyong ikatitimawa.

Ang nanga sa digmang dumog sa paglaban  
handog din sa iyo ang kanilang buhay,  
hirap ay di pansin at di gunamgunam  
ang pagkaparol o pagtatagumpay.

Bibitaya't madlang mabangis na sakit  
o pakikibaka ng lubhang mapanganib,  
pawang titiisin kung ito ang nais  
ng baya't tahanang pinakaiibig.

Ako'y mamamatay ngayong minamalas  
ang kulay ng langit na nanganganinag  
ibinababalang araw ay sisikat,  
sa kabila niyang mapanglaw na ulap.

Kung dugo ang iyong kinakailangan  
sa ikadidilag ng iyong pagsilang,  
dugo ko'y ibubo't sa isa man lamang  
nang ngumingiti mong sinag ay kuminang.

Ang mga nasa ko, mulang magkaisip,  
magpahanggang ngayong maganap ang bait,  
ang ikaw'y makitang hiyas na marikit  
ng dagat Silangan na nakaliligid.

Noo mo'y maningning at sa mga mata  
mapait na luha bakas ma'y wala na,  
wala ka ng poot, wala ng balisa,  
walang kadungua't munti mang pangamba.

Sa sandaling buhay maalab kong nais  
ang kagalingan mo't ang paiwang sulit  
ng kaluluwa kong gayak ng aalis;  
ginhawa'y kamtan mo. ; Anong pagkarikit!

Nang maaba't ikaw'y mapataas lamang,  
mamatay at upang mabigyan kang buhay,  
malibing sa lupang puspos ng karikta't  
sa silong ng iyong langit ay mahimlay.

Kung sa ibang araw ikaw'y may mapansin  
nipot na bulaklak sa aba kong libing,  
sa gitna ng mga damong masisinsin,  
hagka't ang halik mo'y itaos sa akin.

Sa samyo ng iyong pagsuyong matamis,  
mataos na taghoy ng may sintang dibdib,  
bayaang tumanggap noo ko ng init,  
na natatabunan ng lupang malamig.

Bayaan mong ako'y malasin ng buwan  
sa liwanag niyang hinaho't malamlam;  
bayaang ihatid sa akin ng liwayway  
ang banaag niyang dagling napaparam.

Bayaang humibik ang simoy ng hangin;  
bayaang sa huning masaya'y awitin  
ng darapong ibon sa kurus ng libing  
ang buhay payapang ikinaaliw.

Bayaang ang araw na lubhang maningas  
pawiin ang ulan, gawing pawang ulap,  
maging panganuring sa langit umakyat,  
at ang aking daing ay mapakilangkap.

Bayaang ang aking maagang pagpanaw,  
itangis ng isang lubos na nagmahal;  
kung may umalala sa akin ng dasal,  
ako'y iyo sanang idalangin naman.

Idalangin mo rin ang di nagkapalad,  
na nangamatay na't yaong nangaghirap  
sa daming pasakit, at ang lumalangap  
naming mga ina ng luhang masaklap.

Idalangin sampo ng bao't ulila  
at nangapiiut na tigib ng dusa;  
idalangin mo ring ikaw'y matubos na  
sa pagkaaliping laong binabata.

Kung nababalot na ang mga libingan  
ng sapot na itim ng gabing mapanglaw,  
at wala ng tanod kundi pawang patay,  
huwag gambahain ang katahimikan.

Pagpitaganan mo ang hiwagang lihim,  
at mapapakinggan ang tingig marahil,  
ng isang **salterio**: ito nga'y ako ring  
naawitan ka ng aking paggiliw.

Kung ang libingan kong limot na ng madia  
ay wala nang kurus at bato mang tanda  
sa nangagbubukid ay ipaubayang  
bungkali't isabog ang natiping lupa.

Ang mga abo ko'y bago pailanglang  
maiwi sa wala na pinanggalingan,  
ay makalat munang parang kapupunan  
ng iyong alabok sa lupang tuntungan.

Sa gayo'y wala ng anoman sa akin,  
na limutin mo ma't aking lilibutin  
ang himpapawid mo, kaparanga't hangin  
at ako sa iyo'y magiging taginting.

Bango, tingig, higung, awit na masaya  
liwanag at kulay na lugod ng mata't  
uulit-uulitin sa tuwituwina  
ang kataimtiman ng aking pag-asa.

Sintang Pilipinas, lupa kong hinirang,  
sakit ng sakit ko, ngayon ay pankinggan  
huling paalam ko's sa iyo'y iiwan  
ang lahat at madlang inirog sa buhay.

Ako'y yayao na sa bayang payapa,  
na walang alipi't punong mapang-abo,  
doo'y di nanatay ang paniniwala  
at ang naghahari Diyos na dakila.

Paalam na ako, magulang, kapatid,  
bahagi ng puso't unang nakaniig,  
ipagpasalamat ang aking pag-alis  
sa buhay na itong lagi ng ligalig.

Paalam na liyag, tanging kaulayaw,  
taga ibang lupang aking katuwaan;  
paalam sa inyo, mga minamahal;  
mamatay ay ganap na katahimikan.

